TAGUAN

Uso pa ba ang larong Taguan?
Kailan ka huling nakipaglaro ng taguan….30 years…more
Naaalala mo pa ba kung paano makipag-taguan, madaling sumali diba, kung…isasali ka
Ang mga matatanda ay hindi na naglalaro ng taguan, at least not for fun
May kilala ka bang bata na sa paglalaro ng Taguan ay napaka-husay magtago at walang makakakita sa kanya.
Nung bata pa kami may kilala kaming ganyan, kapag napagod kami kahahanap-give up na kami at bahala siyang mainip sa pinagtataguan niya, maya-maya lalabas na siya at galit, kasi hindi namin siya patuloy na hinanap, syempre magagalit din kami kasi laro ito eh! Mayroong hiding, mayroong finding, pagtatago at pagkakakita.
Sasabihin naman niya, ang daya 'nyo, taguan ang laro at hindi give-up an. Tapos nagtatalo-talo na kung sino ang tama, kaya nagiging taguan at hiyawan. Tapos hindi na siya kasali at maya-maya din naman sasali uli at kahigpit-higpit na naman magtago. Ewan ko baka nga hanggang ngayon ay nagtatago pa siya.
May kilala akong isang tao na may terminal cancer, duktor siya alam niya ang mga bagay-bagay, tungkol sa sakit na cancer at kung paano mamamatay sa pamamagitan ng sakit na ito. Pero itinatago niya ito sa mga mahal niya sa buhay dahil ayaw niyang magdusa sila sa kalagayan niya, inilihim niya ang kanyang kalagayan, hanggang siya ay mamatay. Ang sabi ng madami, ang tapang naman ng taong ito dahil nakapag-tiis siyang mag-isa at matahimik at walang pinahirapan pero alam 'nyo, sumama ang loob ng mga nagmamahal sa kanya pamilya, kaibigan masama ang loob nila, dahil hindi niya sila kinailangan, hindi niya sila pinag-katiwalaang makakaya nilang makipasan ng kalagayan niya. At masakit sa mga nagmamahal sa kanya, na hindi man lamang sila nakapag-paalam. Masyado silang nagtago, kung hindi sana, hindi sana siya naalis sa laro.
Taguan…Taguan hindi pambata, kundi pang-matanda. Nagtatago pero umaasang may maka-katagpo, nalilito, ano ang sasabihin ng mga tao, ayokong maka-abala ng kahit sino. Mas maganda kaysa larong taguan ang larong "Sardinas". Sardines sa larong ito yung "It" o ang taya ay siyang magtatago at hahanapin siya ng lahat. Yung unang makakakita sa kanya, makiki-siksik sa pagtatago, hangan sa pangalawa, pangatlo at halos lahat na. Nagsisik-sikan parang sardinas, liban sa iilan o iisa, tapos ka-sisik-sikan, nag hahagik-gikan , may matatawa ng malakas at dahil sa katuwaan makikita na ng iba. Yung ibang "Theologians" nang unang panahon, inilarawan ang Diyos parang taguan o hide and seek. Ang tawag sa latin "deux abscontitus" pero alam nyo para sa akin, ang Diyos ay hindi hide and seek. Siya ay gaya ng larong sardines, natatagpuan siya dahil gusto niyang matagpuan. Hindi lang ng isa kundi ng marami, at kung sino man ang nakakatgpo sa kanya, sumasaya at dahil sa kasayahang dulot nito, natatagpuan din ang Diyos ng ibang tao. Kaibigan baka patuloy kang nagtatago, maaaring napapagod ka na, ang sabi ni Jesus "come unto me and I will give you rest" lumapit ka sa Panginoon. Magbalik-loob ka sa kanya, isuko mo ang iyong buhay kay Jesus at magiging tunay kang maligaya.
Kaligayahang 'di maitatago sa iba.